AFRICAN SWINE FEVER (ASF)

Ang African Swine Fever o ASF virus ay isang nakakahawang haemorrhagic na sakit ng baboy – domestic at wild – pero hindi sa tao. Ang ASF ay nakaka-apekto lamang sa baboy at hindi sa iba pang hayop tulad ng manok, baka, kambing at iba pa.

Mga Sintomas ng Baboy na may ASF:

- Mataas na lagnat
- Walang ganang kumain
- Namumula ang balat at nagdurugo ang mga internal organs
- Namamatay ang baboy sa loob ng 2-10 araw
- Maaring umabot sa 100% ang mortality o mamatay lahat ng baboy sa isang babuyan

Source: *Beltrán-Alcrudo, D., Arias, M., Gallardo, C., Kramer, S. & Penrith, M.L. 2017. ASF: detection and diagnosis. FAO Animal Production and Health Manual No. 19. Rome.*

Paano ito nakakahawa sa mga baboy?

- **Direktang contact sa may sakit na hayop.**
- **Indirect transmission sa pamamagitan ng:**
  - Pagpapakain ng tira-tirang pagkain na may nakahalong infected na karne (*Ang ASF virus ay maaaring manatili sa loob ng 3 buwan sa karneng hindi luto at 1,000 araw sa frozen meat.*
  - Fomites (non-living objects gaya ng sasakyan, gamit, damit at sapatos).
  - Biologic vectors o tagapagdala ng virus gaya ng langaw, kuto, daga, ibon at aso.

Kaning baboy



Langaw

Maruming sapatos

Maruming gulong ng sasakyan

Permit to Transport

Kumuha ng permit to transport ng buhay na baboy, karne o mga produkto nito sa Veterinary Quarantine Office kung magdadala ng karne sa ibang lugar o kung bibili ng baboy o karne sa ibang probinsya.

Apply shipping permits online at

nvqsd.bai.gov.ph

Facebook :

Veterinary Quarantine Region V

Hog Transport Pass*

Sa mga Hog Traders at Livestock Transport Carriers na magdadala ng karne sa ibang lugar o kung bibili ng baboy o karne sa ibang probinsya, kailangang kumuha muna ng Hog Transport Pass bago mabibigyan ng Veterinary Health Certificate.

- *Ito ay bagong panuntunan alinsunod sa Administrative Order No. 07 S. 2021 (Implementing Guidelines for the **BANTAY ASF SA BARANGAY PROGRAM or BABay ASF Program**

Prepared by

The Regional Agriculture and Fisheries Information Section (RAFIS)

DEPARTMENT OF AGRICULTURE

Regional Field Office No. 5

San Agustin, Pili, Camarines Sur

FB: Agriculture Bicol

website: bicol.da.gov.ph

PAANO MAKOKONTROL ANG AFRICAN SWINE FEVER?

Sa kasalukuyan, wala pang gamot at bakuna kontra ASF sa Pilipinas.

Ang pag-iwas sa naturang sakit ay depende sa suporta ng mga nag-aalaga ng baboy, mga nagkakalakal, nogkokokunsumo at iba pang may kaugnayan o taya sa industriya ng pag-bababuyan at mga ahensiya at pamahalaan na nagpapatupad ng mga pinapasunod na batas at alituntunin.

Ang Department of Agriculture sa Bicol katuwang ang Bureau of Animal Industry (BAI) at National Meat Inspection Service (NMIS) ay mahigpit na nagpapatupad ng biosecurity measures para mapigilan ang pagkalat ng ASF sa rehiyon.

SA MGA TAGAPAG-ALAGA NG BABOY

- Maglagay ng foot bath.
- Mag disinfect ng kulungan ng baboy araw-araw gamit ang bleach gaya ng chlorox (zonrox).
- Huwag hayaang gumala ang baboy.
- Huwag magpa-pasok sa babuyan ng mga viajeros o mamimili ng baboy na hindi nadis-infect.
- Maghugas ng kamay gamit ang sabon bago at pagkatapos humawak sa baboy.
- Iwasan ang close contact sa mga baboy na mukhang may sakit.
- Gumamit ng protective gear/ clothing, gloves at mask.
- Ireport agad sa Municipal Agriculture Office ang kahina-hinalang mga sintomas o biglaang pagkamatay ng baboy.
- Ilibing nang maayos ang mga namatay na baboy kasama ng mga dumi, sa tulong ng City/Municipal/ Provincial Veterinary Office, DA RFO 5 at ng Bureau of Animal Industry.

SA MGA LOCAL GOVERNMENT UNIT (LGU)

- Paigtingin ang pag-monitor ng mga may alagang baboy at maki pag-ugnayan sa DA RFO 5 kung may di-pangkaraniwang pagkaka sakit o pagkamatay ng baboy.
- Bumuo ng Municipal African Swine Fever Task Force.
- Palaging mag-disimpekta ng slaughterhouse at siguraduhing walang sakit ang mga baboy na dinadala dito at huwag patagalin ang pananatili ng mga baboy dito.
- Magmonitor kung may mga linalako/binebenta o ipinapasok na mga karne o produktong kahina-hinala ang pinang-galingan. Kung mayroon ay ipag-bigay alam kaagad sa DA RFO 5 o sa NMIS.

SA PUBLIKO O SA MGA NAGKOKONSUMO NG BABOY

- Siguraduhin na ang binibiling karne ay may tatak ng NMIS
- Iwasan ang pagbili ng mga processed or semi-processed meat mula sa mga manlalako lang nito o sa mga di-tiyak ang pinanggalingan o mula sa infected na mga lugar.
- Huwag ipakain sa alagang baboy o ibigay sa mga nag-aalaga ng baboy ang mga tira-tirang pagkain.

Ireport agad sa Municipal Agriculture Office ang kahina-hinalang mga sintomas o biglaang pagkamatay ng baboy.

SA MGA NAGKAKATAY NG BABOY

- Magkatay lamang ng baboy sa mga accredited na slaughterhouse
- Huwag bumili ng baboy mula sa infected na lugar
- Huwag magkatay ng may sakit o patay nang baboy
- Panatilihing malinis ang lalagyan ng kinatay na baboy pati ang paglalatagan nito
- Huwag ipunin o pag-sama-samahin ang mga baboy na kakatayin sa iisang kulungan.
- Huwag ihalo ang bagong katay na baboy sa karne ng matagal nang kinatay na baboy.

SA MGA LUGAR NA MAY AFRICAN SWINE FEVER NA

Ipatutupad ang 1-7-10 Protocol.

Quarantine Zone (1 kilometer) Itinalag-ang lugar mula 500 metro hanggang 1 kilo-metrong lawak/radius mula sa infected area kung saan magsasagawa ng depopulation o pagpatay ng infected at potentially infected o contact na baboy.

Surveillance Zone (7 kilometer)

Kailangang kunan ng blood sample ang mga baboy sa lahat ng barangay na sakop ng 7 kilometro mula sa infected area.

Control Zone (10 kilometer)

Itinalagang lugar para sa maigting na pagmomonitor at pagrereport kung may kahina-hinalang sintomas o biglaang pagkamatay ng baboy.

Ang mga hayop, karne at by-products sa loob ng 10 km area ay maaaring ilabas at ipasok sa lugar, subalit kailangang may Permit to Transport at Veterinary Health Certificate.